



Narito ang Package na FIT mo

Natanggap mo ang package na fecal immunochemical test (FIT) na ito dahil **panahon na para masuri ka para sa kanser sa bituka (bowel)**. Maaaring hiniling ng iyong doktor ng pamilya, propesyonal na nars, mobile coach o Telehealth Ontario ang pagsusuring ito para sa iyo. Kung nakatira ka sa isang First Nation reserve, maaaring hiniling ito ng isang health center o estayon ng nars para sa iyo.

Tataas ang panganib na magkaroon ka ng kanser sa bituka pagkatapos ng edad 50.

Mahalagang gawin ang FIT para tulungang pangalagaan ang iyong kalusugan.

Isang ligtas at walang sakit na pagsusuri ang FIT na sumusuri ng iyong dumi (tae) para sa maliliit na patak ng dugo, na maaaring dulot ng kanser sa bituka. Maaari mong gawin ang pagsusuring ito sa bahay at gugugol lamang ito ng ilang minuto. Hindi mo kailangang baguhin ang iyong diyeta o itigil ang pag-inom ng gamot para gawin ang pagsusuri.

Bago mo gawin ang pagsusuri, siguraduhing kumpleto ang iyong package ng FIT:

- Tube ng FIT
- Mga Tagubilin sa FIT
- Abiso sa privacy
- Papel sa pagkolekta ng dumi
- Bag na plastik na may materyal na nakaka-absorb
- Sobre sa pagbabalik

Ibalik ang iyong nakumpletong pagsusuri agad-agad. Mas mabuting ipadala ito o i-drop off sa loob ng 2 araw para masuri ito sa lab sa loob ng 14 na araw. Bumisita sa locations.lifelabs.com para sa mga lugar at oras ng pag-drop off

Kailangan mo ba ng ang impormasyong ito sa naa-access na format?

1-855-460-2647, TTY (416) 217-1815, publicaffairs@cancercare.on.ca

Pagkatapos mong ipadala o i-drop off ang iyong pagsusuri, maaari mong asahang makuha ang iyong sulat ng resulta sa mga susunod na ilang linggo.

Mahalaga ang iyong kalusugan. **Gawin ang iyong FIT ngayon.**

Gumagalang,



Dr. Linda Rabeneck

Vise-Presidente, Prevention and Cancer Control

Cancer Care Ontario

Para sa karagdagang impormasyon o tagubilin sa ibang wika, tumawag sa Cancer Care Ontario (**1-866-662-9233**) o bumisita sa **cancercareontario.ca/colon**. Kung may mga problema sa iyong FIT, tumawag sa LifeLabs (**1-833-676-1426**).